358-c

Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**Tanggapan ng Kalihim**
*Office of the Secretary*

DEC 18 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 430, s. 2006

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA PAGTUTURO NG FILIPINO
(Wika at Literatura)

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinunō ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pamantasan ng San Agustin sa Lungsod ng Iloilo ay magsasagawa ng isang Pambansang Kumperensiya sa Pagtuturo ng Filipino (Wika at Literatura) sa 3 Lebel ng Edukasyon-Enobatibong Pagdulog at Estratehiya Fokus sa Bagong Kurikulum. Ito ay gaganapin sa Abril 19-21, 2007 sa Boracay, Malay, Aklan.

2. Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. matukoy ang makabagong pagdulog sa pagtuturo ng Filipino sa larangan ng Wika at Literatura upang makaagapay sa takbo ng panahon;
b. masanay sa makabagong estratehiya sa pagtuturo kung saan nakasentro sa Bagong Kurikulum;
c. matalos ang makabagong kalakarang namamagitan sa kasulukuyan sa larangan ng Wika at Literatura;
d. maiangat ang sistema ng pagtuturo sa Filipino sa 3 lebel ng pagtuturo na may espesyal na focus instruksyon; at
e. maging epektibong guro sa Filipino at iba pang kaalyadong asignatura sa kasalukuyang panahon.

3. Ang butaw ay nagkakahalaga ng Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) na ilalaan para sa mga gastusin sa pagkain, honorarium ng mga tagapanayam,materyales at kit.

4. Sa karagdagang katanungan maaaring kontakin si Prof. Nenelyn dela Fuente, Puno, Kagawaran ng mga Wika, Pamantasan ng San Agustin, Iloilo City, 5000 Philippines, P.O. Box 461.

5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

RAMON C. BACANI
Undersecretary

Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONFERENCES Learning Area, FILIPINO TEACHERS

Sally/Wika at Literatura